# Kabanata 14
## Pagpapakilala sa Prepektura ng Saitama



**1 Lokasyon ng mga munisipalidad (mapa)**

**2 Simbolo**

**3 Sister states at probinsya**

---

## 1 Lokasyon ng mga munisipalidad (mapa)




Lawak ng lupain: 3,797.75 km² Istatistika ng lugar ng mga munisipyo," ayon sa Geospatial Information Authority ng Japan noong Hulyo 1, 2023)

Bilang ng Munisipyo: Lungsod: 40 Bayan: 22 Nayon: 1

Kabuuang Populasyon: 7,331,296 (Tinatayang populasyon noong Oktubre 1, 2023)

Bilang ng mga Dayuhang residente: 197,110 (Noong Disyembre, 2021; Ayon sa pagsusuri ng Immigration Services Agency ng Japan)

Average ng Taunang Temperatura: 16.2 °C (Saitama City sa 2020; Source: website ng Japan Meteorological Agency)

※ Iba pang datus: "Sai no Kuni Statistics and Information Center" (Statistics Portal,Saitama Prefectural Government) https://www.pref.saitama.lg.jp/theme/tokei/

※ Profile ng Saitama Prefecture (website ng Saitama Prefectural Government Prefectural Citizen's Affairs Division)
https://www.pref.saitama.lg.jp/a0314/saitama-profile/index.html

## 2 Simbolo

(1) **Palayaw**

"Sai no Kuni", ang palayaw para sa prepektura ng Saitama.

Ang palayaw na ito pinili ay upang madagdagan ang pagiging pamilyar at mas kaaya-ayang pakiramdam at pagmamahal sa prepektura ng Saitama. Naangkop din ito sa paglalarawan sa kulay at ganda ng prepektura, na napapaligiran ng masaganang kalikasang nagbabago ang anyo sa pagdaan ng bawat panahon. Sagisag ito ng malaking potensiyal sa pag-unlad ng prepektura sa larangan ng industriya, akademiya at agham, kultura at iba pa.

(2) **Sagisag ng prepektura**

Ang sagisag ng prepektura ay kinabibilangan ng 16 "comma-shape" na abaloryo na kung tawagin ay "magatama". Ang magatama ay isang mahalagang accessory noong lumang panahon. Ang pabilog na hugis ay simbolo ng araw, pag-unlad, silakbo ng damdamin at sigla.

(3) **Mga simbolo ng prepektura**

Ang Saitama Prefecture ay pinagpala sa pagkakaroon ng likas na ganda at yaman, at bilang simbolo ng prepektura, itinakda ang ilang bagay na kumakatawan sa larawang ito tulad ng ibon, punong-kahoy, bulaklak, paroparo at isda.

| Ibon ng prepektura "*Shirakobato*" (Eurasian collared dove) | Punong kahoy ng prepektura "*Keyaki*" (zelkova serrate) | Bulaklak ng prepektura "*Sakurasou*" (Primrose) | Paruparo ng prepektura "*Midorishijimi*" (Neozephyrus japonica) | Isda ng prepektura "*Musashi-tomiyo*" (Musashi ninespine stickleback) |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |

(4) **Mga mascot ng Saitama Prefecture: “Kobaton” at “Saitamacchi”**

Ang pangalang Kobaton ay kuha sa “Shirakobato” (Eurasian collard dove), ang ibon ng prepektura. Itinakda bilang mascot ng Saitama noong taong 2005, ang kaakit-akit na mukha at sigla ni Kobaton ay madaling nakakuha ng atensiyon at hindi nagtagal ay nasa iba’t-ibang lugar na ito para gumawa ng PR para sa Saitama, pati paglabas sa mga pelikula, paglipad sa space shuttle patungo sa outer space at pagpangalan sa isang asteroid sa sarili. Abala ito sa mga gawain bilang mascot ng prepektura at bilang pinuno ng “Yuru-tama-owendan” cheerleading squad.

Si Saitamacchi, ang pangalawang mascot ng Saitama, ay binigyang buhay noong Nobiyembre 14, 2014 sa Citizen’s Day ng prepektura. Ang kaakit-akit na bilog na mga mata at mga linya sa tiyan ang charm point ni Saitamacchi. Kasabay ni Kobaton, itinataguyod nito nang buong lakas at sigla ang pagpapakilala sa Saitama Prefecture.



Kobaton　Saitamatch

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mascot ng Saitama Prefecture na si “Kobaton” & “Saitamacchi” pakitingnan sa Saitama Prefectural Public Hearing Division Homepage.
URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/kense/saitamaken/kobaton/index.html

**3 Sister-states at probinsya**

May limang sister (goodwill) states ang Saitama Prefecture sa kasalukuyan, kung saan isinasagawa nito ang pakikipag-ugnayan at kooperasyon sa sa iba't-ibang mga gawain.

"Mga sister states at probinsya kasama ang Saitama Prefecture" (website para sa International Division ng Saitama Prefecture):

URL: https://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/kouryukyoryoku/shimaiyuko.html

| State of Mexico (Mexico) | Shanxi Province (China) | State of Queensland (Australia) | State of Ohio (U.S.A.) | State of Brandenburg (Germany) |
|---|---|---|---|---|
|  |  |  |  |  |

Makikita si Kobaton sa itaas na nakasuot ng mga simbolong kasuutan ng mga sister states at probinsya.